



# ISA AKONG IMMIGRANT NA MULA SA NEW YORK. MAAARI BA AKONG BUMOTO?

## Maaari kang **magrehistro para bumoto** kung ikaw ay:

- ✓ Naging U.S. citizen sa pamamagitan ng naturalisasyon
- ✓ Naging U.S. citizen sa pamamagitan ng iyong mga magulang na U.S. citizen
- ✓ Isang U.S. citizen na ipinanganak sa Puerto Rico o iba pang teritoryo ng U.S.

Gayundin, ikaw ay dapat **hindi bababa sa 18 taong gulang** kapag natapos ang taong ito at isang **residente ng New York** sa loob ng hindi bababa sa 30 araw bago ang Araw ng Eleksyon.

## Hindi ka **maaaring bumoto** kung ikaw ay:

- ✗ Nag-apply para sa naturalisasyon pero hindi nakumpleto ang proseso
- ✗ May green card
- ✗ May visa o iba pang uri ng status sa immigration, o walang status sa immigration
- ✗ Nasa **parole** (maliban kung nabigyan ng conditional pardon ng Governor), **nakakulong dahil sa isang krimen, kasalukuyang ipinagpasyahang walang kakayahan** ng korte, o **nagpaplanong bumoto sa ibang estado.**

Kung makatugon ka sa lahat ng kinakailangan sa **magrehistro para makaboto** sa Estado ng New York, pumunta sa: [WWW.VOTING.NYC](http://WWW.VOTING.NYC)

Hindi mo **kailangang** magsalita ng English para magrehistro para makaboto.

Makakukuha ng mga form para sa pagpaparehistro ng botante sa **English, Albanian, Arabic, Bengali, Chinese, French, Greek, Haitian Creole, Italian, Korean, Polish, Russian, Spanish, Tagalog, Urdu, at Yiddish.**

**Kung makapagrehistro ka man para makaboto, tingnan ang kabilang bahagi ng card na ito para sa higit pang paraan para makalahok sa pagpapasya sa iyong komunidad!**

Kung gusto mong malaman kung kwalipikado kang maging U.S. citizen, bumisita sa [www.nyc.gov/citizenship](http://www.nyc.gov/citizenship) o tumawag sa 311 at sabihin ang “appointment para sa citizenship”.

# LUMAHOK SA DEMOKRASYA!

Hindi lang sa pagboto maaaring lumahok para sa demokrasya. Ang lahat ng taga-New York—anuman ang citizenship o status sa immigration—ay maaaring lumahok sa kanilang mga komunidad sa maraming paraan:



**Makipagtulungan sa iyong lokal na board ng komunidad:** Ang mga board ng komunidad ay mga lokal na demokratikong pangkat na tumutugon sa mga pangangailangan at alalahanin ng komunidad. Maghanap ng impormasyon tungkol sa iyong board ng komunidad sa [nyc.gov/cau](https://nyc.gov/cau)



**Maging bahagi ng participatory budgeting:** Sa maraming komunidad, makatutulong ang mga residente ng NYC na malaman kung paano ginagastos ang mga pondo ng Lungsod. Matuto pa tungkol sa participatory budgeting sa [council.nyc.gov/pb](https://council.nyc.gov/pb)



**Maging bahagi ng mga council para sa edukasyon:** Ang lahat ng magulang sa NYC ay kwalipikadong lumahok sa mga community education council (CEC) sa distrito ng paaralan ng kanilang mga anak at sa apat na council para sa edukasyon sa buong lungsod. Matuto pa sa [nycparentleaders.org](https://nycparentleaders.org)



**Ibahagi ang iyong oras sa isang pampulitikang kampanya:** Kahit na hindi ka makapagrehistro para bumoto, maaari mo pa ring ibahagi ang iyong oras sa isang pampulitikang kampanya. Hanapin ang listahan ng mga kasalukuyang kandidato rito: [voting.nyc](https://voting.nyc)



**Lumahok sa iyong komunidad:** Maaari kang maging volunteer sa Lungsod o sa mga organisasyon sa komunidad. Para maging volunteer, bumisita sa [nyc.gov/service](https://nyc.gov/service)